# Nagbukas na ang Mobile Disaster Recovery Center sa Wharton County

**Release Date: September 13, 2017**

**AUSTIN, Texas –** Isang state ng Texas/FEMA Mobile Disaster Recovery Center ay nagbukas noong Martes, Setyembre 12, 2017, sa Wharton County sa lungsod ng Wharton.

Nagbibigay ang mga center sa pagbawi mula sa sakuna ng personal na suporta sa mga indibidwal at negosyo sa 39 na county na kabilang sa pederal na pagdeklara ng sakuna sa Texas para sa Bagyong Harvey at mga sumunod ditong baha.

Pupunta sa center ang mga espesyalista sa pagbawi mula sa sakuna mula sa Pederal na Ahensya ng Pamamahala sa Emergency (Federal Emergency Management Agency, FEMA) at Administrasyon ng Maliit na Negosyo (Small Business Administration,SBA) ng U.S., ang Estado at iba pang ahensya upang magtalakay tungkol sa tulong at upang tulungan ang sinumang nangangailangan ng gabay sa pagsagot ng aplikasyon. Matatagpuan ang bagong mobile center sa sumusunod na lokasyon:

**Wharton Civic Center**
**1924 N Fulton Street**
**Wharton TX  77488**
**Oras ng Serbisyo: Araw-araw mula 9 a.m. hanggang 6 p.m.**

Nakatuon ang mga empleyado ng Administrasyon ng Maliit na Negosyo (SBA) ng U.S. sa pagtulong sa mga negosyo at residente na muling maitaguyod ang kanilang mga sarili sa lalong madaling panahon. Available ang mga kinatawan ng SBA upang sumagot ng mga tanong tungkol sa programa ng SBA sa pagpapautang tuwing may sakuna at tulungan ang mga may-ari ng negosyo at residente na mag-apply sa SBA.

Maa-access ng mga taong may kapansanan ang Mga Center sa Pagbawi mula sa Sakuna. May kagamitan sa teknolohiya sa pagtulong ang mga center na

nagbibigay-daan sa mga nakaligtas sa sakuna na gumamit ng mga amplified na telepono, teleponong nagpapakita ng text, amplified na listening device para sa mga taong may problema sa pandinig, at mga magnifier para sa mga taong may problema sa paningin. Available ang Video Remote Interpreting, at ang sign language sa personal kung hihilingin. May naa-access din na paradahan, mga ramp, at mga banyo sa mga center.

Kung posible, kailangan magparehistro sa FEMA ang mga may-ari ng bahay, nagrerenta ng tirahan, at mga negosyo bago bumisita sa isang recovery center. Ang mga kwalipikadong residente ay maaaring magparehistro para sa tulong sa mga sumusunod na paraan:

- Online sa DisasterAssistance.gov.
- Telepono **800-621-3362** (voice, **711/VRS**-Video Relay Service) (TTY: **800-462-7585**). May mga operator na nagsasalita ng iba't ibang wika (pindutin ang **2** para sa Espanyol).
- Sa pamamagitan ng **FEMA app**, available para sa mga **Apple** at **Android** mobile device. Upang i-download ito, bumisita sa: fema.gov/mobile-app.

Kapaki-pakinabang ang sumusunod na impormasyon kapag nagpaparehistro:

- Address ng lokasyon kung saan naganap ang pinsala (address bago maganap ang sakuna).
- Kasalukuyang mailing address.
- Kasalukuyang numero ng telepono.
- Impormasyon ng insurance.
- Kabuuang taunang kita ng sambahayan.
- Routing at account number para sa checking o savings account (magagamit ito ng FEMA upang direktang maglipat ng mga pondo para sa tulong sa sakuna sa isang bank account).
- Paglalarawan ng mga pinsala at pagkawala na dulot ng sakuna.

Maaaring bumisita ang mga nakaligtas sa sakuna sa anuman sa mga center upang huimingi ng tulong. Makikita ang mga lokasyon ng iba pang center sa pagbawi mula sa sakuna online sa www.fema.gov/DRC.

Maaaring kwalipikadong makatanggap ng tulong ang mga may-ari ng bahay, nagrerenta ng tirahan, at negosyo sa **Aransas, Austin, Bastrop, Bee, Brazoria, Calhoun, Chambers, Colorado, Dewitt, Fayette, Fort Bend, Galveston,**

**Goliad, Gonzalez, Hardin, Harris, Jackson, Jasper, Jefferson, Karnes, Kleberg, Lavaca, Lee, Liberty, Matagorda, Montgomery, Newton, Nueces, Orange, Polk, Sabine, San Jacinto, Refugio, San Patricio, Tyler, Victoria, Waller, Walker, at Wharton.**